AHA! LEARNING CENTER'S
# ESKWELANG PAMILYA
/ahalearning /ahalearns

## BATA MAY TANONG KA BA SA COVID-19? FOR GRADE 1 TO HIGHSCHOOL
**Lesson 19**

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting mag-aaral! Handa ka na bang matuto tungkol sa Coronavirus Disease Pandemic na kinakaharap natin ngayon? Sabay-sabay nating sagutin ang inyong katanungan tungkol sa* ***"Mga maaaring tamaan ng COVID-19".*** *Huwag mangamba; mapagtatagumpayan din natin ang laban kontra COVID-19, kaibigan!* |

**Bata, May Tanong ka ba sa COVID-19? For Grade 1 to Highschool - Lesson 19**

Source: Department of Health

**I.PAGBATI**
Isang Mapagpalang Araw, mga ka-AHA! 💜 Nandito po ulit si Teacher ____ 👩🏻🏫. Panibagong araw, panibagong katanungan na naman tungkol sa COVID-19 ang aming sasagutin at ipapaliwanag sa inyo. 🦠❓

**II.❓ KATANUNGAN SA ARAW NA ITO**
Sa araw na ito, sasagutan natin ang katanungan mula sa liham ni Kenneth ng Lipa, Batangas.

📃 Ito ang nilalaman ng kanyang sulat:

Teacher, sinu-sino po ang maaaring magkaroon ng COVID-19?

**III.💬 PAG-USAPAN NATIN**
Magandang Araw, Kenneth!

Salamat sa iyong katanungan. 🤗

--

Bilang sagot, walang pinipiling edad ang coronaviruses 🦠. Lahat ng tao ay maaaring magkaroon ng COVID-19. 👶🏻👧🏻👦🏻👩🏻👨🏻👵🏻👴🏻😷🦠

Ngunit ang mga nakatatanda (tulad ng iyong Lola 👵🏼 at Lolo 👴🏼), mga taong may mahinang resistensya, at mga taong mayroong kondisyong medikal tulad ng respiratory diseases, high blood pressure, mga problema sa puso ❤️ o diabetes ang mas posibleng magkaroon ng malubha o kritikal na anyo ng COVID-19. (Kaya kung kasama natin sila Lolo 👴🏼 at Lola 👵🏼, alagaan natin sila at paalalahanan na mag-doble ingat. 😉)

**IV.✊ HAMON**

Sa panahon ngayon, normal lamang ang makaramdam ng pagkabahala para sa iyong sarili at mga mahal sa buhay. (Masyado kasi natin silang mahal, kaya gusto nating safe at healthy ang lahat ng miyembro ng ating pamilya. 👨👩👧👦)

Alagaan natin ang ating mga kasama sa bahay na may mas mahinang resistensiya laban sa virus. Siguraduhing lalabas lamang tayo kung kailangan na kailangan, at siyempre, palakasin natin ang ating resistensya para maproteksyunan ⚔️ tayo nito laban sa COVID-19. 😉

Alam kong nakakasawa nang marinig ito, pero sana ay ugaliin natin ang tamang paghuhugas ng kamay 💧🧼🤲, social distancing 🚶‍♀️➖🚶‍♂️, at cough etiquette. 🤭

Let's BEAT 🙌 COVID-19 together by loving 🥰 and taking care of each other. 😊🤝

**V.💡 PAG-ISIPAN**

Tingnan natin kung may natutunan ka sa diskusyon sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na katanungan. Huwag mag-alala, maaaring gawing gabay ang talakayan sa itaas.

🔎 Tama o Mali. May pinipiling edad ang coronaviruses. 👵🏼👴🏼🦠
🔎 Sinu-sino ang mga posibleng magkaroon ng malubha o kritikal na anyo ng COVID-19?
🔎 Ilang porsyento ang mayroong bahagyang mga sintomas ng COVID-19?
🔎 Tama o Mali. Ugaliin ang "Cough Etiquette". 🤭

**VI.👋 PANGWAKAS NA BATI**

At dito nagtatapos ang ating talakayan. Sana ay natuto at nasiyahan kayo sa ating diskusyon. Kung may mga katanungan, maaari niyong i-private message (PM) si Teach. 📲👩🏼🏫

Magkita-kita tayo ulit bukas para sa "Bata, may tanong ka ba sa COVID-19?" 👧🏼🧒🏼❓

Maraming Salamat sa pakiki-isa! 🤗
-

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."